gikan sa


# SILYAB

an dakulang sulo

Hulyo-Disyembre 2017
Taon XLI Blg.3-4


Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol

EDITORYAL



## Harapin at labanan ang kontra-mamamayang gera ng Duterte-US-AFP

Nahihibang si Duterte at ang kanyang mga among imperyalista kung inaakala nilang mapaluluhod ng kanilang mga bala at bomba ang sambayanan. Hungkag ang lahat ng kanyang nagtatapang-tapangang bantang dudurugin, pupulbusin at uubusin ang rebolusyonaryong kilusan sa harap ng sumasambulat na lakas ng nagkakaisang masa. Siya, ang kanyang mga lokal na alipures at ang kanilang among imperyalista, ang dudulo sa tuluyang pagkadurog at pagbagsak – hindi kailanman ang sambayanan at ang kanilang makatwirang digma para sa tunay na kalayaan.




Walang magawa si Duterte upang pagtakpan ang mabuway niyang pamumunong batbat ng mga kontra-diksyon. Sa likod ng kanyang mga pahayag na panatag siya dahil sa lakas ng suporta ng mamamayan, nangangatog ang kanyang tuhod sa pabilis nang pabilis na paghina ng kanyang impluwensya. Hindi niya makonsolida sa ilalim ng kanyang pamumuno maging ang mga kapwa niya naghaharing uri.Samantala, lalong tumindi ang tunggalian sa pagitan ng masa at ng estadong pugad ng mga naghaharing-uri. Nagngangalit ang sambayanan dahil sa tuluy-tuloy niyang pagpapatupad ng neoliberal na patakaran sa ekonomya. Nanatili ang kontrakwalisasyon at mababang pasahod para sa mga manggagawa at kawani ng gubyerno. Walang programa sa reporma sa lupa at nanatiling atrasado ang agrikultura sa bansa. Nakaamba ang mapanlinlang na modernisasyon ng mga dyip na papatay sa kabuhayan ng libu-libong drayber at opereytor. Nagbabanta rin ang pagsirit ng mga pangunahing bilihin sa napipintong pagpasa ng tax reform bill.

Upang makapangunyapit sa pwesto, nagkakandarapa siyang gawing atrasan ang panunugis at pandarahas sa mga kalaban sa pulitika at sa malawak na mamamayang bumabatikos sa kanya. Alam niyang itinatakwil siya ng sambayanan kaya upang makonsolida ang kanyang pwersa ay buong katrayduran niyang ibinandera ang magkakatambal na Oplan Tokhang, Batas Militar at Oplan Kapayapaan.

Ang totoo, tulad ng mga nagdaang pinuno ng reaksyunaryong gubyerno, dinisenyo ng US ang tripleng gera ni Duterte upang pigilan ang paglakas ng makatwirang digma ng mamamayan. Pinagkutsabahan nila ang paggamit sa multo ng ISIS upang bigyang bihis ang hindi makatwirang paggamit ng pwersa laban sa lumalakas na pakikibakang Moro. Isinangkalan at pinalaki nila ang rido o clan war tungkol sa lupa sa pagitan ng pamilyang Maute at Pansar upang magmistulang may banta ng terorismo sa Mindanao at maideklara ang Batas Militar. Habang nakaabang ang mga kapitalista sa negosyong mapapala matapos ang digma, naglalaway naman ang US sa pagkakataong pabilisin ang pagtatayo ng military complex sa Marawi at karatig bayan na sisiguro sa militar na poder nito sa Asya Pasipiko.

Nagkukubli naman sa likod ng kanyang kampanyang kontra-droga ang isa sa mga pinakamadugong gera kontra-mamamayan. Lantaran niyang ipinag-uutos sa kanyang mersenaryong hukbo ang pagtugis at pagpatay sa mga pinaghihinalaang may kinalaman sa droga, dumaan man ito sa tamang proseso o hindi. Wala ni isang malaking personalidad

gikan sa SILYAB
an dakulang sulo
Taon XLI Blg. 3-4 Hulyo-Disyembre 2017

**Ang Silyab ang rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan ng Rehiyong Bikol.**

**Bukas ang pahayagan para sa inyong mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon. Ipadala ang mga email sa *silyabbikol1976@gmail.com***

NILALAMAN

Editoryal: Harapin at labanan ang kontra-mamamayang gera ng Duterte-US-AFP 1
BHB-Bikol (Romulo Jallores Command): Pagsusuma 4
Tagumpay sa Pagtatayo ng Pulang Kapangyarihan 5
Kabataang Makabayan, Pakamahalin ang Sambayanan 9
Pambansang Kongreso ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ilinunsad sa Bikol 10
Batas Militar, Ginunita ng mga Raliyista! 12
Transport strike upang tutulan ang pakanang "Jeepney Phaseout" 12
Komemorasyon ng ika-5 Anibersaryo ng Bagyong Yolanda 12
Serye ng Kilos Protesta sa Kabikulan Oktubre-Disyembre 13
Serbisyong Medikal sa Gitna ng Masinsing Atakeng Militar 14
Putok Pagpupugay sa mga kasamang martir! 14
Diwang Rebolusyonaryo 15
Kaalamang Medikal 20
Produksyon at Rebolusyon 21
Batoy 22

ang naparusahan kaugnay sa pagsusuplay ng drugs. Kung mayroon man, pawang mga kalaban sa pulitika ang mga naging target nito.

Sa Kabikulan, naging matunog ang kaso ng pagkamatay ni Luis Alarcon Bisuna habang nasa kustodya ng kapulisan ng Caloocan nitong Oktubre. Sa kabila ng pagdalaw ng kanyang kapatid ilang araw bago ang kanyang pagkamatay, hindi ipinaalam ng kapulisan sa kanyang kaanak na nasa ospital siya samantala idineklara siyang walang kamag-anak ng medico legal. Ang mas masahol pa, iginigiit ng kapulisan na namatay siya sa hindi malamang mga dahilan sa kabila ng mga marka ng panonortyur sa kanyang katawan at binti.

Samantala, dinaig ng kanyang Oplan Kapayapaan ang mga kawangis nitong kontra-insurhensyang programa sa tindi ng walang katuturang brutalidad at karahasan laban sa mamamayan. Sa rehiyon, mula Pebrero hanggang Disyembre 2017, umaabot sa 160 kaso ng paglabag sa karapatang tao ang naitala kabilang ang 49 kaso ng pamamaslang at tangkang pamamaslang. Ilan sa mga biktima ang dalawang matanda at apat na kabataan.

Gayundin, nagkakandarapa siyang sirain ang kredibilidad ng CPP-NPA-NDFP dahil alam niyang patuloy itong tumatatag at lumalakas. Alam ni Duterte na nakaabang at sasambulat anumang oras sa tarangkahan ng kanyang pamumuno ang milyun-milyong Pilipinong tuluyang tatapos sa kanyang paghahari-harian. Kaya naman nagkukumahog niyang idineklara ang Presidential Proclamation 360 at Presidential Proclamation 374 na unilateral na tatapos sa usapang pangkapayapaan at magtatatak sa rebolusyonaryong kilusan bilang mga terorista. Bukambibig niya ang mga planong destabilisasyon laban sa kanyang gubyerno bilang sangkalan sa pagpapagulong ng batas militar sa buong bansa wala pa mang upisyal na deklarasyon nito. . Sa sobrang takot ni Duterte sa malawak na kilusang masang tumutuligsa sa kanya, maging ang mga lehitimong progresibong organisasyon ay tinarget niya. Sunud-sunod ang mga kaso ng panghaharas, pagtugis, pagdukot at pagpaslang sa mga ligal na personahe at sibilyan.

Pagtitibayin ang nasabing mga proklamasyon gamit ang mga kasalukuyang batas gaya ng Human Security Act of 2007 at R.A 10168 Terrorism Financing and Suppression Act of 2012. Sa ilalim ng mga naturang batas, ibayong magiging malaya ang militar at pulis na gumamit ng armas at anumang marahas na porma ng dispersal. Pwede na ring ituring ng administrasyon ang anumang rali o kilos-protesta bilang "banta ng terorismo" at arestuhin ang sinumang kalahok sa mga pagkilos na ito. Gayundin, pwede na ring ikunsidera bilang mga "teroristang organisasyon" sa mga ligal na organisasyon, unyon o samahang masa na lehitimong kumikilos. Itinayo ang Inter-Agency Committee on Legal Action para maglunsad ng crackdown sa mga legal na grupong ito. Dagdag pa, ituturing na ring terorista ang sinumang umano'y magbigay ng suportang materyal o pinansyal sa rebolusyunaryong kilusan.

Sa Bikol, ilan sa mga pinakabagong kaso ng pagpaslang sa mga kasapi ng lehitimong samahan ay ang pagpatay ng dalawang sundalo na lulan ng motorsiklo kay Edwin Pura sa Gubat, Sorsogon noong Oktubre 25. Si Pura ay paralegal at istap ng pangalawang tagapangulo ng National Union of People's Lawyers (NUPL) sa Luzon. Siya ay dating kasapi ng League of Filipino Students, naging tagapangulo ng BAYAN-Bikol at ng Provincial Transport Alliance. Napatay din sa naturang pamamaril ang nadamay na sibilyang si Wilfredo Brono habang nasugatan si Grace Merilo. Samantala nitong Disyembre 8 sa Batuan, Masbate, pinaslang si Ariel Sese. Siya ay kilalang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA), isang organisasyon ng mga mangingisda.


Akala ni Duterte ay kaya siyang protektahan ng kanyang mga makabagong armas at na magagapi niya ang rebolusyonaryong kilusan. Marapat niyang tandaan na sa kasaysayan, sa pagsahol ng pang-aatake ng estado sa buhay, karapatan at kalayaan ng taumbayan, ibayong dumarami ang namumulat at lumalahok sa digmang bayan.

Ngayon, sa gitna ng kanyang opensiba sa masa, ilang ulit na darami ang bilang ng babaha sa mga lansangan upang papanagutin siya sa kanyang mga kasalanan sa taumbayan. Tatambalan ito ng matutunog na opensiba ng BHB na katumbas ng rebolusyonaryong hustisya. Mangunguna ang BHB sa pagbigwas sa mga elemento ng AFP-PNP-CAFGU na may utang na dugo sa masa. Sa pamumuno ng CPP-NPA-NDFP, susulong ang pinakamatatag na prente ng mamamayang magtutulak sa pagbulusok at lubusang pagkaabo ng teroristang rehimeng Duterte.

Sa larangan man ng armadong pakikibaka o ligal na kilusang masa, marapat lamang na makibahagi ang masang Bikolnon sa pagtatakwil sa mga neoliberal na hakbangin at kontra-mamamayang gera ni Duterte. Dapat bigkisin ang nagkakaisang lakas upang matatag na harapin ang kabangisan ng reaksyunaryong hukbo at labanan ang pananaig ng tiranikong diktadurya ng maka-imperyalistang rehimeng Duterte.



Mulat ang sambayanan na walang tunay at makabuluhang pagbabagong uusbong mula sa isang kriminal, kontra-mahirap at sagadsaring rehimen. Upang makamit ang katarungang panlipunan at pangmatagalang kapayapaan, nagpupunyagi at patuloy na magsisikhay ang mamamayan sa pagtitindig ng mga binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan, sa pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at sa pagsisikap na isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay.■




## BHB-Bikol (Romulo Jallores Command): Pagsusuma

Sa loob ng anim na buwan (Hulyo-Disyembre 2017), naglunsad ng kabuuang pitumpung (70) matatagumpay na operasyong gerilya ang BHB Bikol (Romulo Jallores Command). Kabilang dito ang apat na sunud-sunod na taktikal na opensibang isinagawa sa Cam. Norte, Masbate at Albay nito lamang unang linggo ng Disyembre.

### BHB-Camarines Norte (Armando Catapia Command)

Sa loob ng anim na buwan, kabuuang siyam (9) na operasyon ang matagumpay na isinagawa ng ACC-BHB sa probinsiya. Kabilang dito ang ambus na isinagawa sa Brgy. Daguit, Labo nitong Dis. 2, 2017 laban sa ilang pwersa ng PNP-Camarines Norte Provincial Mobile Force Company kung saan isa ang napaslang habang walo ang sugatan mula sa hanay ng kaaway. Nasamsam din sa nasabing engkwentro ang apat na riple, isang pistola, daan-daang bala at iba pang gamit militar.

### BHB-Masbate (Jose Rapsing Command)

May kabuuang dalawampu't-isang (21) operasyon ang matagumpay na ilinunsad ng JRC-BHB kabilang ang dalawang magkasunod na operasyon sa unang linggo pa lamang ng Disyembre. Nito lamang Dis. 2, 2017, sinalakay ng JRC-BHB at lima ang sugatan mula sa mga pwersa ng 2nd IBPA. Naglunsad naman ng operasyong haras laban sa 2nd maneuvering platoon ng 506th Provincial Public Safety Company sa Brgy. San Juan, Mandaon nito lamang Dis. 4, 2017

### BHB-Albay (Santos Binamera Command)

Apat na aksyong pamamarusa ang ipinatupad ng SBC-BHB Albay sa loob ng kalahating taon laban sa mga asset ng AFP-PNP-CAFGU at mga kontra-mamamayang elemento sa prubinsya kabilang ang nilansag na isang aktibong asset ng kaaway sa Brgy. Poblacion, Pio Duran nito lamang Dis. 4, 2017.

### BHB-Camarines Sur (Eduardo Obarra Command)

Labing-dalawang matatagumpay na aksyong militar naman ang isinagawa ng apat na kumand ng pulang hukbo sa buong prubinsya ng Camarines Sur: Norben Gruta Command, James Balacquiao Command, Tomas Pilapil Command at Edmundo Jacob Command. Nagpatupad rin ng mga aksyong pamamarusa laban sa ilang mga elemento ng kaaway.

### BHB-Catanduanes (Nerissa San Juan Command)

Nagsagawa ng ambus ang NSJC-BHB laban sa mga elemento ng PNP Catanduanes noong Agosto 10 kung saan dalawa ang nasawi habang pito ang sugatan sa hanay ng mga kapulisan. Nasamsam ng pulang hukbo ang dalawang M16, isang pistola at iba pang gamit militar.

### BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command)

Sa loob ng anim na buwan, 23 taktikal na opensiba ang ilinunsad ng CMC-BHB Sorsogon. Ito ay sa gitna ng masinsing operasyon ng kaaway sa loob ng probinsiya.

Sa kabuuhang 70 operasyong gerilya sa loob ng Hulyo-Disyembre 2017, 15 ang anihilatibong aksyon habang 55 naman ay atritibong aksyon sa buong rehiyon. Sa mga matagumpay na operasyong ito, may kabuuhang 37 ang nasawi habang 38 ang sugatan sa hanay ng mga kaaway. Umabot sa 12 riple, 12 maiigsing baril, libu-libong bala at iba pang gamit militar ang nasamsam ng mga pulang mandirigma mula rito.

Patunay ang matataginting na taktikal na opensiba sa buong rehiyon ng lumalakas na kakayahan at kasanayan ng NPA laban sa mga mersenaryong hukbo ng maka-imperyalistang rehimen. Maasahang kahit sa pinakamatinding bigwas ng karahasan at panunupil ng estado sa ilalim ng PP 360 at PP 374 buong giting na tutupdin ng NPA ang papel nito bilang tunay na hukbo ng mamamayan. Ang walang maliw na suporta ng mamamayan ang nagbibigay lakas sa mga pulang mandirigma na suungin ang sigwa ng kupas at niresiklong kampanya sa ngalan ng gera sa terorismo. Libu-libong mandirigma ang handang mag-alay ng buhay para makatwirang digma ng pagpapalaya na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. ■

# Tagumpay sa Pagtatayo ng Pulang Kapangyarihan

Lalong lumalakas at higit na lumalawak ang binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa pusod ng kanayunan sa kabila ng mabangis na pang-aatake ng mga bayara't mersenaryong AFP-PNP-CAFGU. Nitong Agosto, naukit sa rebolusyonaryong kasaysayan ang pagtatayo ng Komiteng Rebolusyonaryo na antas Munisipal sa isang prubinsya ng Bikol. Binubuo ito ng halos 11 magkakanugnog na barangay.

Ang pagsibol ng mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa buong kapuluan ay hudyat ng lalong paglakas at paglawak ng pagbangon ng mamamayan mula sa kumunoy ng pagkaalipin at pagsasamantala ng isang maka-imperyalista't reaksyunaryong estado.

## Masinsing Pagbubuo

Hakbang-hakbang na itinatayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Hindi naging madali ang paghahasik ng mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan. Matiyagang binuno ng mga kasama't panimulang ugnay ang pagtatayo ng mga lihim na organisasyong masa sa lugar.

"Taong 80's nang pasukin ng hukbo ang mga barangay na ito," ang mahinahong kuwento ni Ka Larry habang humihigop ng mainit niyang kape.

"Hindi naging madali ang trabaho ng mga kasama dyan, kasi sa una takot ang masa dahil may mga naunang NPA diumano na kumilos sa lugar ngunit nagpapanggap lamang pala. "


"Naging matiyaga ang mga kasama sa pagpapaliwanag at pagpapaintindi sa masa ng linya at prinsipyo ng Partido na di naglaon ay niyakap at inangkin nila. Pagkatapos nito niyakap na rin ng masa ang mga kasama at tinuring na kanilang mga hukbo," ang nakangiting wika ni Ka Larry.

"Malaki ang naitulong ng hukbo sa masa sapagkat nagkaroon sila ng sandigan sa kanilang mga problema, 'di naglaon ay unti-unti nang itinayo ng mga kasama ang organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga lugar na ito," ang pagwawakas ni Ka Larry.

*Paano nga ba itinatayo ang demokratikong gubyernong bayan sa kanayunan?*

Sa bawat yugto ng pag-oorganisa ay nasasabak ang bawat organisasyong masa sa sala-salabat na usapin ng pamumuno at pagpapakilos ng buong pamayanan.

Nakakamit lamang ang tunay na pagkakaisa kapag inaabot na ng mga organisasyong masa ang



mulat at kolektibong paglahok ng bawat kasapi sa mga napagkakasunduang programa. Susi rito ang walang kapagurang pagpapayaman ng panlipunang pagsisiyat na siyang tumutukoy sa mga pangunahing tunggalian na umiiral sa lugar. Nasisipat din ng matalas na panlipunang pagsusuri kung sinu-sino ang pangunahing mga mahahamig sa pakikipagbigkis sa kapwa nila inaapi't pinagsasamantalahan. Ang pagbibigkis na ito ay lalo pang napapahigpit ng mga prinsipyo ng MLM na unti-unting naipapatimo sa mga serye ng pag-aaral na ibinibigay sa mga kasapi nito.

Antas-antas ang pag-unlad ng mga organisasyong masa. Mula sa paisa-isang kontak lumalawak ito tungo sa mga grupong pang-organisa, komiteng pang-organisa at sa mga ganap na samahang masa sa pangunahing sektor ng magsasaka at sa mga espesyal na sektor ng kababaihan at kabataan. Sa mga lugar na may sapat na bilang ng mga mala-manggagawa, propesyunal at panggitnang pwersa nagkakaroon din ng katumbas na mga grupong pang-organisa. Nagiging mabilis ang pagpapalaki ng kasapian kasabay ng pagsusulong ng mga kampanyang masang anti-pyudal at anti-pasista. Dito rin napapanday ang mamamayan sa sama-samang pagkilos at kolektibong pamumuno.

Upang matiyak na nasa wastong landas ang itinatayong binhi ng pulang kapangyarihang pampulitika, dapat nasa mahigpit itong pamumuno ng Partido. Sa ganitong kalagayan, kapag may mga GP at KP na ang isang barangay o baryo ay itinatayo na rin ang Sangay sa Partido sa lokalidad o SPL, ang batayang yunit ng Partido. Linalangkapan ng Batayang Kurso ng Partido ang mga pinapasumpang kasapi ng Partido upang matiyak ang pagsapol sa mga batayang teorya ng MLM at linya at patakaran ng pagsusulong ng digmang bayan.

Kapag naitayo na ang SPL, maunlad na ang mga KP at tuluy-tuloy ang gawain sa GP ay itinatayo na rin ang Milisyang Bayan (MB). Ang MB ang siyang bag-as ng sandatahang lakas ng bayan sa baryo. Sila ang nagtataguyod ng seguridad para sa

rebolusyonaryong pwersa sa baryong kanilang saklaw. Isa rin sa mga tungkulin ng MB ay pangalagaan ang kapayapaan at kaayusan sa baryo. Maaari rin silang tumanggap ng atas mula sa mga yunit ng hukbo na naka-erya sa kanilang lugar. Upang matiyak na wasto ang tangang pulitika ng yunit ng MB at makatutulong sa pagpapaunlad ng organisasyong masa, ang mga nasa SPL ang siyang tumatayong pamatnugutan nito.

Katuwang ang SPL at mga KP, masinsing pinaplano ang pagbubuo ng GSM.

Sa GSM unti-unting nasasanay ang mamamayan sa pagtatayo at pamumuno ng demokratikong gubyernong bayan. Isinasapratika rin ang tunay na demokrasya dahil ang lahat ng delegado sa GSM ay maaring maihalal na pinuno. Hinihimay sa asembliya ang kasaysayang buhay ng bawat delegado upang ganap na makilala ng kasapian hindi lamang ang personalidad ng mga ito kundi pati ang naging kasaysayan nito sa paggampan ng mga gawain at pakikipagkaisa para sa kagalingan ng baryo. Sa pamamagitan ng lihim na botohan ay ihahalal ang magiging miyembro ng Komiteng Balangay. Ang bubuo ng Komiteng Balangay ang mangunguna sa pagpapatupad ng mga patakaran at programa ng samahan.

*'Hindi naging madali ang pagtatayo ng KRM, dahil pawis at dugo ng kasama at masa ang naging puhunan para sa pagtatayo ng gubyerno na may sosyalistang perspektiba'*

"Ang pagbubuo ng KRB o Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo ay parang sa GSM lang din, mas mataas nga lang ang antas at malawak ang KRB, kasi lahat ng sektor ay dapat magkaroon ng kinatawan sa gubyernong itinatayo," ang muling paliwanag ni Ka Larry.

Ang KRB ang batayang antas ng organo ng kapangyarihang pampulitika na intinatayo sa kanayunan kahit na umiiral pa ang reaksyunaryong gubyernong pinatatakbo ng mga naghaharing-uri. Ang KRB ay nagsisilbing kapangyarihan ng mga tao, sa pamamagitan nito ay higit na tumataas ang kanilang kamalayang pampulitika at hinihimok na makilahok sa lahatang panig na pagkilos para sa ikatatagumpay ng rebolusyon.

"Sa pagtatayo natin ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo, ipinatutupad natin ang patakarang tatlong sangkatlo (3/3). Ibig sabihin,ang mga KRB ay bubuuin ng mga elementong magmumula sa Partido, batayang masa at ang mga nasa panggitnang pwersa. Ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang siyang namumunong partido sa KRB; ang bag-as ng kapangyarihang pampulitika ay ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka; at ang mga organisasyong masa naman ay nagsisilbing baseng masa ng gubyernong bayan." ang paliwanag ni Ka Larry

"Kahit hindi pa man nagtatagumpay ang rebolusyon ay unti-unti nang nauukit sa mukha ng kanayunan ang demokratikong gubyernong bayang ating itinatayo. Makikita ito sa mga gubyernong naitatayo natin sa antas baryo. Dito nahahasa ang mamamayan kung paano mamumuno sa kanilang hanay. Sa KRB, mas malawak na ang inaabot ng pag-oorganisa at ang pamumuno sa baryo ay itinatalaga sa masa mismo. Kung may mabigat na problemang hindi kayang resolbahin sa loob ng KRB, saka lamang pumapasok ang komite ng Partidong nakalubog sa NPA upang tumulong. Kaya naman masasabing ang KRB ay isang malaking pagsulong sa gawaing masa. Kaya itong KRM na itinayo natin o Komiteng Rebolusyonaryo na antas Munisipal ay hindi simple. Masasabing makasaysayan kaganapan ito sa rebolusyonaryong kilusan sa ating prubinsya. Hindi naging madali ang pagtatayo ng KRM, dahil pawis at dugo ng kasama at masa ang naging puhunan para sa pagtatayo ng gubyerno na may sosyalistang perspektiba," ang pagtatapos ni Ka Larry.

## Masinsing Paghahanda

Dalawang gubyerno ang nasa kanayunan: ang gubyernong mapaniil na nagsisilbi sa interes ng mga naghaharing-uri at ang bagong gubyernong unti-unting itinatayo ng mamamayan. Ibang-iba ang demokratikong gubyernong bayan mula sa reaksyunaryong estado. Isa itong gubyernong pinamumunuan ng mamamayan at tunay na magsisilbi sa kanilang interes.

Kaya naman mula pa sa pinakamababang antas ay masinsin ang pag-aayos at paghahanda ng mga kasama. Mula sa GPM hanggang antas KRB ay masusi at mahigpit na sinusunod ang mga rekisitos. Mabusising pinaplano rin ang kampanya sa pagtatayo ng KRB sa gabay ng nakatalagang komiteng seksyon. Kasama ang KB at SPL ay tinatarget kung kailan maitatayo ang KRB.

"Isang buwan din ang naging paghahanda namin," nakangiting wika ni Ka Sing, isa sa mga nanguna sa pagkumpleto ng rekisitos.

"Dahil may kanya-kanyang KRB na ang 11 barangay na ipaloloob sa KRM, sila na ang pumasan sa pagkuha ng panlipunang pagsisiyasat sa kanilang sinasaklawang lugar. Nagtakda na lang kami ng target na araw para sa bawat barangay at pagkatapos ay ipapasa sa amin ang datos para sa pagbusisi. Pagkatapos, ipapasa na namin ito sa larangan." dagdag ni Ka Sing.

Ang larangan ang magpipinal ng mga dokumentong kakailanganin sa KRM. Pagkatapos maitakda ang mga dokumento ay ibabalik ito sa mga barangay at doon babasahin kung may kailangan pang idagdag sa ginawang dokumento.

"Hindi madali ang paggawa ng dokumento. Sa kasaysayan ng baryo, hindi lang simpleng mga pangyayari ang kukunin. Isasama doon kung paano nabuo ang barangay. Kukunin din ang pisikal na katangian ng bawat baryo. Ano dyan ang



Paano nga ba namimili ng mga ihahalal na kandidato sa KRM?

Bago pa man ang aktwal na kumperensya para sa KRM ay nagka-roon na ng nominasyon sa bawat baryo na ipapaloob sa KRM. Sa isang maunlad na KRB, lahat ng sektor ay nagkakaroon ng boses at kinatawan.

Sa SPL nagnonomina ang lahat ng mga ganap na kasapi sa pamamagitan ng sikretong botohan. Maglilista sila ng limang pangalan kasama ang sarili na maaring maging kandidato sa gaganaping kumperensya para sa KRM. Kung sinong lima ang may nakuhang sapat na bilang ng boto, sila ang magiging nominado para sa pamunuan ng KRM. Sa hanay naman ng Komiteng Balangay ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) ganoon din ang nangyayari. Pero dalawa lang ang ihinahalal nilang delegado. Dahil ang natitirang 3 nominado ay kinukuha sa Komiteng Balangay ng Makibaka at Kabataang Makabayan. Mula sa sektor ng panggitnang pwersa, apat naman ang pipiliin sa pamamagitan din ng botohan.

Sa ganitong pagkakahati ng mga nominado, nasisiguro na mananatili sa kamay ng mamamayan ang pamumuno.

Kaya bago pa man ang aktwal na kumperensya ay may kanya-kanya nang kandidato ang bawat barangay. Sasailalim sa masusing pagsusuri ang mga kandidato upang matiyak na hindi mapapasukan ng masamang elemento ang pamunuan ng itatayong KRM.

Naalala pa ni Ka Rul noong binasa niya sa harapan ang talambuhay ng bawat kandidato sa pamunuan ng KRM. Kahit kumakabog ang dibdib, lakas loob pa rin siyang pumunta sa harapan at nagbasa. Kung sa reaksyunaryong halalan ay ipinagmamalaki ng mga kandidato ang kanilang diumano'y nagawa para sa bayan o ang kanilang mga kinuhang pag-aaral sa burges na paaralan, sa gubyernong itinatayo sa kanayunan ay buong tapat na hinaharap sa mga boboto ang mga kandidato. Ang ibang mga kandidato ay 'di man lamang nakatuntong sa burges na paaralan. Minsan pa nga, sa tulong na ng mga kasama sila natutong magbasa at magsulat. Hindi sila sinusukat sa pamamagitan ng burges na pamantayan. Sinusukat sila batay sa paggampan sa mga rebolusyonaryong gawain.

Sila ang mga kandidatong siyang mamumuno sa masa. Sila ang mga manggagawang walang pag-aari kundi ang kanilang lakas paggawa, mga magsasakang nangahas na bawiin at linangin ang lupa, mga kababaihang nagpasyang kilalanin ang kanilang lakas at papel sa lipunan at mga kabataang lumangoy taliwas sa agos ng bulok na kultura. Ito ang mga kandidatong tapat na naglilingkod sa sambayanan at rebolusyon.

mabundok, kung may bundok man," ang pabirong sabi ni Ka Sing.

"Pati ang umiiral na kultura kinukuha natin. Sa karanasan namin, kapag mahusay na nailalatag ang gawain ay napadadali ang isang bagay. Yun ang ginawa namin para maging isang buwan lang ang pagsinsin ng mga dokumento. At bukod doon, handa na talaga ang masa, dahil sa tuloy-tuloy na mga pag-aaral at pagpapagana ng kilusang masa tungo sa mas mataas pang antas ng paggugubyerno, kaya naasahan din namin ang kanilang mahigpit na pagkakaisa," ang nakangiti pa ring pagwawakas ni Ka Sing.

### Masinsing Pagtatayo

"Kumpletuhin ang rekisitos para makamit ang bungad ng pagkapatas," ito ang panawagang unang bumungad sa 200 masang lumahok sa pagtatayo ng KRM. Bukod sa islogan na makikita ay matayog ding nakatayo ang matitingkad na pulang bandila ng PKP, BHB at NDFP - ang tatlong sandata ng sambayan.

Simple lang ang mukha ng kumperensya—mula sa malaking tent na itinayo, sa mga upuang kahoy na ginawa at sa mga panawagang makikitang nakakabit sa harapan. Ngunit alam ng lahat ng nagsidalo, masa o pulang hukbo man, na ito ay hindi isang simpleng pagdiriwang kundi simbolo ng lumalakas at lumalawak na pwersa ng mamamayan sa pusod ng kanayunan.

"Sabay-sabay na kinanta ng mga nasa kumperensya ang Internasyunale. Pagkatapos, ipinakilala isa-isa sa harapan ang mga kandidato," ang natatawang kuwento ni Ka Rul haban pilit na inaalala ang ibang pangyayari.

May tumatayo ring lupon sa halalan. Sila ang magtitiyak na maayos na tumatakbo ang botohan. Isa si Ka Ole sa naitalaga sa pagtatala ng bilang sa pisara. Masayang ikinuwento ni Ka Ole ang kanyang karanasan.

"Enjoy naman na magsulat sa board, kaso kakangalay nga lang tumayo," ang natatawang wika niya.

"Ang ibang mga kasama ko nakaupo, samantala may isang kasama na nakakatulog sa harap. Papaano kaunti lang kasi ang bumuboto sa kandidatong nakatalaga sa kanya. Masaya talaga ako na nakalahok ako sa ganitong klaseng aktibidad. Sa nakita kong pagkakaisa ng mga masa, lalo akong ginanahan na gampanan ang aking gawain dito sa hukbo. Laluna kung lahat ng mga pinaghirapan namin ay ganito ang kalalabasan--ang pagbubuo ng KRM, " ang masayang pagtatapos ni Ka Ole.

May mga kasama ring itinalaga sa pagtulong sa mga botante. Sila ang tutulong sa mga botanteng malalabo ang mata o kaya ay walang kakayahang magsulat. Katuwang ng masa ang hukbo sa ganitong makasaysayang pangyayari sa kanilang pagkilos.

Gumamit ng sikretong balota ang halalan. Pagkatapos ng botohan ay babasahin isa-isa ang mga pangalan na nakalagay sa papel. Mula sa 15 nahalalal ng asembliya, pinili ang pitong katao upang maging myembro ng Komiteng Tagapagpaganap. Mula sa KT ay inihalal ang pangulo, pangalawang tagapangulo sa organisasyon at pangalawang tagapangulo sa edukasyon.

"Sadyang tunay na artista ang mga masa," ang pahabol ni Ka Ole. Bukod kasi sa paghahanda para bumoto ay naghanda rin ng kulturang pagtatanghal ang bawat dumalo. Bitbit ang gitara sa unahan, inawit ng masa ang mga rebolusyonaryong himig. May ilang nakalikha ng orihinal na lirikong hinalaw sa tono ng mga burges na kanta.


Masaya  ang masa sa kinalabasan ng eleksyon. Pagkatapos nito ay nagkamayan ang masa at hukbo - tanda nang pagtatapos ng okasyon sa araw iyon. Ngunit alam ng bawat isa, masa man o hukbo, na hindi pa nagtatapos ang tungkulin sa rebolusyon. Sapagkat marami pang barangay, baryo at bayan ang kailangang tamnan ng binhi ng demokratikong gubyernong bayan.

## Masinsing Pakikidigma

"Ito ang demokratikong kapangyarihang bayan na pinapanday natin sa kanayunan," ang muling pahayag ni Ka Larry.

"Ang KRM ay simbolo ng lumalakas nating armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at baseng masa. Sa pamamagitan ng hindi mapaghihiwalay na mga sangkap na ito para sa ating digmang bayan,unti-unti nating napapahina ang pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Kaalinsabay nito ang pagpapahina rin ng kapangyarihang pampulitika ng mga panginoong maylupa. Isa ito sa mga haligi ng estadong sumisibol sa paglulunsad ng sambayanan ng bagong demokratikong rebolusyon na may sosyalistang hinaharap. Mahigpit itong ginagabayan ng Partido na nasasandatahan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM). Tinitiyak nitong tunay na napapangalagaan ang kapakanan ng mamamayan laluna ng masang anakpawis, kabilang na ang mga panggitnang uri na kalahok sa bagong demokratikong rebolusyon," ang seryosong paliwanag ni Ka Larry

"Masalimuot ang naging kasaysayan ng pagkilos dito sa prubinsya. Maraming kasama at masa ang nagbuwis ng buhay para sa makatwirang digmang ating isinusulong. Ang mga itinanim nilang binhi ay unti-unti nang nagkakaroon ng bunga kaya dapat ang bungang ito ay pangalagaan, palawakin at patatagin pa ng mga masa at kasama. Sa hanay naming hukbo ay lalo naming paiigtingin ang pakikidigmang gerilya, mapangahas na magbubukas ng mga bago at maraming larangang gerilya at maglulunsad ng rebolusyong agraryo. Kahit 'di ko man maabutan ang tagumpay ng rebolusyon, sa ngayon pa lang ay nakikita ko na ang gubyernong itinatayo," ang pagtatapos ni Ka Larry. ■



# Kabataang Makabayan, Pakamahalin ang Sambayanan

***Maria Roja Banua, Tagapagsalita NDF-Bicol***

Ipinapaabot ng NDF-Bicol ang mahigpit na pakikipagkaisa sa Kabataang Makabayan sa ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Ang rebolusyonaryong alipatong bitbit ng magkapatid na Romulo at Ruben Jallores, ilan sa pinakaunang mga KM sa rehiyong Bikol, ay isa nang umaalimpuyong lakas ng nagkakaisang hanay ng mamamayan. Mula sa pagkakatatag nito, pinatunayan ng KM ang dakilang layuning mulatin, organisahin at pakilusin ang hanay ng kabataang Pilipino para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan


.Sa pangunguna ng Pangulong Duterte, nagkakaisa ang naghaharing uri sa pag-asam nitong tuluyang pahupain ang lagablab ng rebolusyon sa kapuluan . Sa rehiyong Bikol, libu-libong pamilya ang biktima ng AFP-PNP-CAFGU sa ilalim ng tripleng gera—Oplan Tokhang, Oplan Kapayapaan at Batas Militar.

Buu-buong pamilya ang pinaralisa ng mga sumusuyod na operasyong militar sa kanayunan at kalunsaran kasabay ng pagpataw nito ng mga hindi makatwirang patakarang direktang nakaapekto sa kabuhayan at iba pang karapatan ng mamayan. Dulot nito'y mas lalo pang nasadlak ang mamamayan sa mga di-makataong kalagayan ng kasalatan. Walang pugwang ang panghaharas, pananakot at pagbabanta sa mga aktibistang masang patuloy na nagwawagayway ng bandila ng mga kalayaang sibil.

Mula Pebrero hanggang Nobyembre ngayong taon, mahigit 140 na ang naitalang biktima ng iba't ibang bisig ng armadong pwersa ng Rehimeng US-Duterte sa Bikol. Kabilang dito ang pagpaslang sa 4 kabataan sa buong rehiyon. Sa Sorsorgon, sa harap ng nag-uulol na kampanya ng karahasan at kaliwa't kanang pamamaslang, daang mamamayan ang napilitang lumikas sa kanilang lugar. Maraming kabataan ang napilitang tumigil sa pag-aaral dulot ng takot na bumalik sa kanilang lugar. Di iilang kabataan ang ngayo'y ipinupuhunan ang kanilang murang katawan sa paghanap-buhay upang makatulong sa pagtatawid ng kanilang mga pamilya.

Ang banta ng di-umano'y revolutionary government at ang kaakibat na isinusulong na Pederalismo ng rehimeng US-Duterte ay dagdag hakbangin upang lalong palawagin ang diktadurya ng naghaharing paksyon ng mga naghaharing-uri. Sa ilalim nito'y mabubuwag ang mga makinarya ng estado na nagsisiguro sa pananagutan ng gubyerno sa mamamayan. Bibigyang daan nito ang higit pang paninibasib ng mga haligi ng kalupitan ng estado sa kanayunan at kalunsuran.

Ang pagdedeklara ni Duterte na terorista ang CPP-NPA-NDF ay buu-buong pangangayupapa sa mga dikta ng imperyalistang US. Sa pagsantabi ng usapang kapayapaan, isinuko na niya ang anumang mga pagsulong na inaabot ng paghaharap ng Gubyerno ng Pilipinas at NDF tungo sa isang kasunduang naglalayong pawiin ang ugat ng kahirapan at armadong tunggalian. Binubusalan din niya ang anumang porma ng ligal na pakikibaka sa pamamagitan ng pagturing sa mga progresibong organisasyon bilang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusang lihim. Sa kanyang obsesyong padapain ang nagkakaisang hanay ng mamamayan, lalo lamang niyang itinutulak ang mamamayang baybayin ang landas tungong kanayunan.



Nahihibang ang rehimeng US-Duterte sa kanyang pagsalig sa terorismo ng estado upang pahupain ang pagkakaisa't pagsulong ng paglaban sa isang estadong nagsisilbi sa interes ng mga gahaman. Pinasisibol ng pasismo ang pagtuklas sa paghulagpos. Inuudyok ng pangangalit sa pambubusabos ng dangal ang diwang mapanlaban. Pinalalaki ng isang di-makatwirang lipunan ang bagong heneresyon ng mga rebolusyonaryo. Ang kabataang namumulat ang pinakamalalim na balon ng mga tagapagtaguyod ng kalayaan. ■

*Kabataan, pakamahalin ang sambayanan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!*

*Mabuhay ang Kabataang Makabayan!*

*Mabuhay ang sambayanang lumalaban!*

# Pambansang Kongreso ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ilinunsad sa Bicol

Mahigit 2,000 magsasaka mula sa 15 rehiyon ang nagtipun-tipon para sa ika-8 Pambansang Kongreso ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas nitong Hulyo 12-13 sa lunsod ng Legaspi, Albay.

Layunin ng paglulunsad ng kongreso na lalong mapatatag at mapagkaisa ang hanay ng mga magsasaka para makamit ang tunay na reporma sa lupa at isulong ang pambansang industriyalisasyon upang mapalaya ang mamamayan mula sa pagdarahop. Panawagan ng pagtitipon ang libreng pamamahagi ng lupa, pagbabalik ng coco levy sa mga magsasaka at pagkukundena ng malawakang militarisasyon sa kanayunan at kalunsaran. Ito rin ang naging hudyat ng pagsisimula ng paghahanda ng kilusang magsasaka sa buong bansa para sa pagsisingil sa mga hindi pa rin natutupad na pangako sa okasyon ng State of the Nation Address ni Pang. Rodrigo Duterte.

"Ilinulunsad namin ang pambansang kongreso sa panahong lumakas ang kilusang magsasaka sa buong bansa laban sa mga panginoong maylupa. Ito ang tugon namin sa patuloy na pangangamkam ng lupa at kawalan ng tunay na reporma sa lupa na siyang nagdudulot ng kawalan ng lupang malilinang para sa magsasaka at nagbubulid sa kahirapan sa malawak na mamamayan sa kanayunan," ani Anton Flores, secretary general ng KMP.

Sa harap ng halos 2,000 delegado, inamin ni Sec. Rafael Mariano, kalihim ng Department of Agrarian Reform, ang kakulangan ng gubyerno upang harapin at tugunan ang interes ng uring magsasaka sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa. Ani pa niya, mahalaga ang pagpapatuloy ng usapang pangakapayapaan sa pagitan GRP at NDFP upang mapag-usapan ang mga demokrating interes ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Bahagi ng CASER ang libreng pamamahagi ng lupa.

Samantala, ilinahad sa kongreso ang mga matagumpay na kampanya ng kilusang magsasaka sa pamumuno ng KMP. Kabilang dito ang kilusang "Bungkalan" kung saan binubungkal ng mga magsasaka ang mga lupaing dapat nang naipamahagi sa kanila pero pilit pa ring inaangkin ng mga panginoong maylupa at iba pang tiwangwang na lupain. Kabilang dito ang bungkalan sa Hacienda Luisita, Tarlac City na dating pagmamay-ari ng pamilyang Aquino.

Ayon kay Norberto Autor, tagapangulo ng KMP-Bikol, mahalaga ang pagtitipong ito para maharap ng Bikolanong magsasaka ang kanilang mga tunggalian sa lupa at iba pang agrikultural na usapin. Pagkakataon rin ito para lalo pang mapalakas at mapatatag ang kilusang magsasaka sa anim na prubinsya ng rehiyon.

Dumalo rin at nagpahayag ng pakikipagkaisa sa kilusang magsasaka sina Sec. Lisa Masa mula sa National Anti-Poverty Comission, Cong. Ariel Casilao ng Anakpawis, at Jerome Adonis ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Sa magkahiwalay na pahayag, nagpaabot naman ng pagsuporta sa isinusulong na pakakibaka para sa lupa si Prof. Maria Sison, tagapangulo ng International League of People's Struggle (ILPS) at Maria Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bicol.

"Sa kasalukuyang lokal at pandaigdigang kalagayan sukdulan ang lumalaganap na kahirapan, kagutuman, kawalang katarungan, pag-aagaw ng lupa at likas na yaman at paniniil. Sinasakop ng malalaking panginoong maylupa at mga korporasyon ang mga taniman at lupang ansestral. Walang patakaran para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang idustriyalisasyon. Obligasyon ng KMP na lumaban, sumulong at magkamit ng tagumpay," ayon kay Sison.■



## Batas Militar, Ginunita ng mga Raliyista!

Naglunsad ng malawakang protesta ang mahigit 7,500 Bikolano sa buong rehiyon para sa ika-45 na anibersaryo ng Batas Militar na idineklara ng dating pangulong Marcos. Laman ng kanilang plakards ang malaon na nilang hinahanap na hustisya para sa milyu-milyong biktima ng sukdulang karahasan ng estado. Pinapula ng kanilang mga bandila ang mga kalsada sa buong Kabikulan.

Sa kasalukuyan, higit na pinangalit ng rehimeng US-Duterte ang damdamin ng mamamayang Bikolano nang pagpasyahan nitong ilipat sa libingan ng mga bayani ang labi ng dating diktador. Ipinapakita lamang nito ang lantarang pagbabago ng kasaysayan at tuluyang pagbabaon sa limot ng hustisya para sa mga biktima.

Gayundin, hibang na idineklara ng rehimen ang Batas Militar sa buong Mindanao bunsod ng gawa-gawang multo ng terorismo na ikinakawing sa armadong grupong Maute. Malinaw na kinakasangkapan ng gubyerno ang kaganapan sa Marawi upang mataya ang reaksyon ng sambayanan sa posibilidad ng pagpapatupad ng batas militar sa buong bansa. Samantala, nagbubunyi ang imperyalistang US sa pagyakap ni Duterte sa 'gera sa terorismo' dahil binibigyang saysay nito ang dagdag tulong militar na magbubukas sa direktang panghihimasok ng pwersang militar ng US sa bansa.

Samantala, ayon naman sa pahayag ng tagapagsalita ng NDF-Bikol, si Maria Roja Banua," Walang pag-aalangan niyang sinabing ang batas militar sa ilalim ng kanyang administrasyon (Duterte) ay walang ipinag-kaiba sa batas militar sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos". Malinaw na tulad nang naunang batas militar, walang ibang layunin ang rehimeng Duterte kundi sagkaan ang lumalakas na rebolusyon ng mamamayan.

Dagdag pa ni Ka Maria, "Nangangarap si Duterteng pagtatagumpayan niya ang pagpapa-luhod sa lumalakas na armadong kilusan ng BHB at mga armadong grupo ng mamamayang Moro sa pamamagitan ng malawakan at sustenidong kampanya ng karahasan. Lalo lamang niyang ipinapakitang kailanma'y hindi siya seryosong harapin nang makatwiranang ugat ng sigalot sa bansa at tunay at makabuluhang kapayapaan sa buong bansa."

## Transport strike upang tutulan ang pakanang "Jeepney Phaseout"

Naging malaking bahagi ang rehiyon sa mga serye ng transport strike nitong upang tutulan ang pakanang "Jeepney Phaseout" ng adminis-trasyon. Sa ilalim ng nasabing panukala, simula taong 2018, mabibigyan lamang ng prankisa ang isang opereytor kung papalitan ang kanyang kasa-lukuyang yunit kapalit ng mga diumano'y modern Euro-4 compliant, hybrid at e-jeepneys na inangkat mula sa mga multinasyunal na mga kumpanyang awtomotib. Nagkakahalaga ang mga "modernong dyipni" na ito ng P1.6 milyong piso kada yunit. Higit pa rito, ipagbabawal na rin ang iskemang one-unit, one-operator at sa halip, kailangang mangapital at ipangutang ng isang opereytor ang minimum na dalawang yunit para mabigyan ng prangkisa. Obligado rin itong ipasok at isuko ang sariling pangangasiwa ng kanilang mga dyip sa mga tinatawag na fleet management companies na pagmamay-ari rin ng mga multinasyunal na kumpanyang awtomotib.




Ayon sa PISTON, malinaw na sa panukalang ito, libu-libong manggagawa sa sektor ang mawawalan ng kabuhayan. Ang mas masahol pa, gayong hindi sasapat ang P80,000 na ipauutang sa bawat tsuper, nakapagtatakang mayroong P27 bilyong ilinaan ang gubyerno para sa mga kumpanyang Mitsubishi at Toyota para magdagdag ng tig-200,000 bagong yunit ng awtomotib. Ayon sa mga lumahok sa malawakang transport strike, hindi solusyon ang hatid ng ganitong panukala, bagkus tahasang korporatisasyon ng pampublikong trans-portasyon at mas malalang trapiko. Ipinanawagan ng sektor na sa halip na tahasang phaseout, rehabilitasyon ang dapat isagawa. Sa katunayan, mayroon namang pondo ang gubyerno para i-mantini at i-rehabilitate ang mga kasalukuyang yunit.

Sa pamumuno ng Condor-PISTON Bikol, matagumpay na naparalisa ang mga kritikal at mayor na mga ruta sa iba't ibang bahagi ng rehiyon sa serye ng malawakang mga tigil pasada noong ika-16 ng Oktubre at nito lang na ika-4 ng Disyembre, kung saan naitala ang kabuuhang 98% pagkaparalisa ng byahe sa buong rehiyon.■

## Komemorasyon ng ika-5 Anibersaryo ng Bagyong Yolanda

Nagpiket ang kalakha'y maralitang lungsod at magsasaka sa DSWD Naga upang singilin ang pangakong tulong ng gubyerno para sa mga biktima ng bagyong Yolanda. Limang taon matapos ang pagragasa ng nasabing bagyo, kalakhan sa mga biktima ay hindi pa rin nabigyan ng Emergency Shelter Assistance (ESA) at iba pang tulong.■

# Serye ng Kilos Protesta sa Kabikulan Oktubre-Disyembre

Matagumpay na serye ng malalaking mobilisasyon ang ilinunsad ng sambayanan upang irehistro ang kanilang lubos na pagtutol at paglaban sa pasistang panunupil at iba pang anti-mamamayang patakaran ng maka-imperyalistang rehimeng Duterte. Tampok at mahalaga ang naging partisipasyon ng rehiyon sa mga pagkilos na ito.

Sa gitna ng banta ng walang-patumanggang pandarahas, hindi nagpasindak at bagkus ay tinugunan ito ng mamamayan ng mas malalawak na kilos-protesta. Sa Kabikulan, masinsing paghahanda, pag-oorganisa at pagpapamulat ang isinagawa na nagresulta sa mas malalapad na mga mobilisasyon.

## Lakbayan ng mga Magsasaka

Higit isang libo at tatlong daang magsasakang Bikolano ang lumahok sa ilinargang Pambansang Lakbayan ng mga Magsasaka noong Oktubre 21-25 para ipanawagan at patampukin ang pangangailangan ng tunay na reporma sa lupa at kundenahin ang pagtalikod ni Duterte sa pangakong ito. Isa ang rehiyon sa may pinakamalaking delegado sa nasabing aktibidad. Mula sa iba't ibang bahagi ng kapuluan, nagtipon sa Maynila ang libu-libong magsasaka at nagmartsa patungo sa Mendiola bitbit ang mga panawagang ito. Giit ng mga magsasaka, sa halip na tugunan ang kahingiang ito, kabaliktaran ang ginawa ni Duterte matapos ang pagkakatanggal ni Rafael "Ka Paeng" Mariano bilang kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR), patuloy na pangangamkam ng lupa at pulitikal na pamamaslang sa sektor. Partikular ding ipinanawagan ng rehiyon ang pamamahagi ng pondong coco levy para sa direktang kapakinabangan ng mga magniniyog.

## Protesta ng mga Kabataan sa Araw ni Bonifacio

Tatlong libo walong daang Bikolano ang nagmartsa sa iba't ibang bahagi ng rehiyon bilang pagdiriwang sa ika-53 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan (KM), kasabay ng pagdiriwang ng kapanganakan ni Andres Bonifacio. Libu-libong kabataan ang nagtungo sa kalsada upang igiit ang hustisya at ipanawagan ang pagpapatigil sa malawakan at sistematikong pagpatay sa ilalim ng pasista at konta-mamamayang tripleng gera ni Duterte. Malaking bahagdan ng 13,000 biktima ay mga kabataan.

Kinundena rin ang pagpatay sa mga aktibista at progresibong kabataan. Kasabay nito, pinagpugayan din ang mga kabataang martir na tumangan ng armas at nag-alay ng kanilang buhay para paglingkuran ang sambayanan. Umaabot na sa hindi bababa 21 kabataan ang pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte, kabilang dito ang mga kabataang lider na inambus ng Philippine Air Force sa Nasugbu, Batangas nitong Nobyembre 28.


Sa paggunita sa buhay ng bayani at kabataang si Bonifacio at sa makasaysayang ambag ng KM sa lipunan, ipinaalala ng mobilisasyon na kritikal ang gampanin ng kabataan sa tangkang pasistang diktadurya ng rehimeng Duterte.

## Resume Peace Talks, Pagtutol sa Teroristang Bansag para sa International Human Rights' Day

Samantala, nitong Disyembre 6 ay idineklara ng rehimen ang Presidential Proclamation 374 (PP374) na kapritsosong nagtakda sa CPP-NPA-NDFP at arbitraryong magtatatak at maglulunsad ng "crackdown" sa mga indibidwal at grupong hinihinalang may kaugnayan dito bilang mga terorista. Gayundin, idineklara ang Proklamasyon 360 (PP 360) na unilateral na tumapos sa usapang pangkapayapaan.

Ngunit sa halip na masindak, lalo lamang nagliyab ang matinding galit at pagtutol ng mamamayan sa pagpapahinto ng usapang pangkapayapaan. Bilang tugon sa mga kontra-mamamayang opensiba ng gubyerno, naglunsad ng pambansang pagkilos upang itakwil ang terorismo ng estado. Ayon sa mga dumalo, sa pagpapatigil ng usapang pangkapayapaan, malinaw na si Duterte ang tutol sa kapayapaan at sosyo-ekonomikong repormang tutugon sa malalim na kahirapan.

Sa Kabikulan lampas 13,000 mamamayan mula sa iba't ibang prubinsya ang lumahok upang kundenahin ang mga pasistang aksyong ito ng rehimeng Duterte at ipanawagan ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Inaasahang magiging tuntungan ang mobilisasyong ito para sa tuluy-tuloy at mas masikhay na pagkilos laban sa teroristang pambabaluktot at pasistang panunupil ng rehimen. ■



## Serbisyong Medikal sa Gitna ng Masinsing Atakeng Militar

Matagumpay na nailunsad ng Celso Minguez Command-BHB Sorsogon sa pakikipagtulungan sa mga ganap na samahang masa sa baryo at sangay ng Partido sa lokalidad ang serye ng mga medical missions sa sa prubinsya. Kahit na limang kilometro lamang ang layo ng mga baryong pinaglunsaran ng medical mission mula sa detatsment ng kaaway at sa kabila ng masinsin na mga operasyong militar, matiwasay na natapos ang aktibidad. Higit 250 residente ang nabigyan ng serbisyong medikal ng mga bagong tapos at sinasanay na medik sa loob ng pulang hukbo at sa lokalidad.

Bago isinagawa ang mga medical mission ay naglunsad ng tatlong araw na Alternative Medicine at First Aid Training ang mga kasama na dinaluhan ng isang platun ng mga sinasanay na combat medic at mga taumbaryong nakapaloob sa komite ng kalusugan. Sa loob ng tatlong araw, sinariwa ng mga estudyante ang first aid training, kinilala ang iba't ibang sakit at prinoyekto ang paggawa ng herbal na sabon at syrup.

Pagkatapos ng naturang pagsasanay, kaagad na nasapraktika ng mga nagsipagtapos ang kanilang mga natutunan sa ilinunsad na mga medical mission. Ilan sa mga serbisyong ibinigay ang dental services, basic surgery, basic overall check-up, acupuncture at ventosa treatment. Namigay din ng mga herbal na gamot na ginawa ng mga kasama at masa.

Ang naturang aktibidad para sa kalusugan ng mamamayan ay nagpapakita ng kawastuhan ng linya ng Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan na nagsasapuso sa diwa ng buong-buhay na paglilingkod sa sambayanan. Alam ng mamamayang walang anumang makabuluhang serbisyong panlipunang maaasahan mula sa reaksyunaryong estado. Kung kaya, bahagi ng kanilang pagpapanday para sa pamumunong nakasandig sa sariling lakas, nagpapakabihasa ang masa sa pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan upang sama-samang malutas ang kanilang mga batayang pangangailangan. Sinasalamin ng medical missions na ito ang kapangyarihan ng masang baguhin ang kanilang kalagayan at likhain ang mga kundisyon para sa isang demokratikong gubyernong magsisilbi para sa lahat ng pinagsasamantalahan at inaapi.■

## Putok Pagpupugay sa mga kasamang martir!


### Ka Carlo at Ka Billy, huwaran ng sambayanang api!

Dumagundong ang putok ng mga ripple sa masusukal na niyugan at mga kalsada ng Brgy. Casili, Gubat, Sorsogon nang tambangan ng mga pulang mandirigma ang 30 elemento ng magkakumbinang 31st IBPA, 22nd Cadre's Battalion at 5th RPSB nitong Agosto 7, 2017, alas-5:25 ng umaga. Patay sina 2nd Lt. Lee O. Tremedal, Sgt. Rolyn Cabagon, Cpl. Allan Bercacio at PFC Jaybee D. Nabiar. Samantala, sugatan sina Pfc. Jeremy Tu, Pfc. Michael Llunar, Pfc. Roland Saizon, Edward Lumatog, Mark Oscillada at dalawa pa. Nasamsam ang tatlong M4 carbine, 30 magasin, mga bala, apat na military bag at iba pang kagamitang militar. Nakuha rin sa nasamsam ang tatlong sachet ng hinihinalang shabu.

Samantala, noong Agosto 10, niyanig ng command detonated explosive ng BHB ang isang sasakyan ng Provincial Mobile Force sa Brgy. Sagrada, Viga, Catanduanes. Habang nagmamaniobra, nakaengkwentro ng mga pulang mandirigma ang reinforcement force ng PNP. Umabot ng 45 minuto ang palitan ng putok. Patay sa magkasunod na opensiba sina PO1 Joseph Topi at PO1 Eva Torselino. Sugatan naman sina Police Insp. Montes at 10 iba pa. Habang ang isa sa mga sugatang pulis ay sumuko sa mga kasama at makataong tinrato ayon sa internasyunal na batas ng digma. Nasamsam ng pulang hukbo mula sa labanan ang 2 M16, 1 Gloc 9mm, 2 amapowts at mga bala. Nagbuwis ng buhay sa naturang opensiba si Ka Jeremy.

Ang magkasunod na ambus na ilinunsad ng mga yunit ng Celso Minguez Command-BHB Sorsogon at Nerissa San Juan Command-BHB Catanduanes laban sa mga pusakal na militar at pulis ay bahagi ng putok pagpupugay para sa dalawang martir na sina Andres "Ka Carlo" Hubilla at Miguel "Ka Billy" Himor na pinaslang ng kasundaluhan noong Hulyo 28.

Ayon sa Romulo Jallores Command-BHB Bikol, sina Ka Jeremy, Ka Billy, Ka Carlo at iba pang martir ng sambayanan ay mabubuhay magpakailanman sa diwa ng masang inaapi't pinagsasamantalahan. Dadakilain ng mga susunod pang henerasyon ang kanilang natatanging ambag sa pagpapanday ng isang lipunang para sa kapakinabangan ng uring pinagsasamantalahan. Gayundin, ang matataginting na taktikal na opensibang ilinulunsad ng BHB ay bahagi ng pagkamit ng katarungan para sa lahat ng biktima ng karahasan ng pasista't berdugong estado at tuta nitong AFP-PNP-CAFGU.■



# Diwang Rebolusyonaryo

## *Ang tamang timpla*


*matanda at kabataan*
*kung nagkakaisa, mahusay*
*ang gawain ay gumagaan*
*kung ang bawat isa'y nagtutulungan*

*mayaman sa aral ang matandang kadre*
*mayaman din sa lakas ang bagong kabataan*
*kung sila'y laging magkasama*
*malalampasan ang mga kahirapan*
*ay limitasyon man sa kalusugan*

*pinanday naman ang paninindigan*
*at siya ang balon ng karanasan*
*iyan ang katangian ng matandang kadre*
*mabilis at alerto naman ang kabataan*

*iyan ang kanilang kalakasan*
*parang alas-otso hanggang alas-dyis ng orasan*
*kung kaya laging uhaw sa kaalaman*
*kung sila parehong sinsero sa pagsisilbi sa sambayanan*

*ang kakulangan ng bawat isa, mapupunuan*
*mahusay na gabay ang kadreng matanda*
*hindi naman matatawaran ang kapusukan ng kabataan*
*ito ang tamang timplada ng kilusan*



# Diwang Rebolusyonaryo

## Andres Hubilla at Billy Himor Martir ng Sambayanan!

*Pahayag ni Maria Roja Banua sa Parangal nina Ka Carlo at Ka Billy*

Ipinapaabot ng NDF-Bicol ang pinakamataas na pagpupugay sa apat na martir ng sambayanang Pilipino na nagbuwis ng kanilang buhay nitong Hulyo 28 sa Trece Martirez, Casiguran, Sorsogon. Nakikiisa ang NDF-Bicol at lahat ng kasama sa pagdadalamhati ng kanilang mga kapamilya't kaibigan. Gayundin, pinupuri ng buong rebolusyonaryong kilusan ang Sorsogon sa pagluluwal ng mamamayang malinaw na gumagampan sa pagbubuo ng kasaysayan ng pagpapalaya ng uring api. Pakatandaang marahas mang pinunit ng mga bala ang hininga mula sa kanilang katawan, hindi kailanman mapapalis ng mga berdugo ang kanilang alaala mula sa ating puso't isipan. Dapat manginig ang tuhod ng taksil na bayarang sundalo at estado pagkat mula sa ating mga luha ay uusbong ang libong rebolusyonaryong maniningil sa kanilang utang na dugo sa bayan.

Si Andres Hubilla ay kilala bilang Ka Carlo, Ka Magno, Ka Bunso at Pay ng kasama't masa. Siya ang nag-iisang Lolo Pay para sa napakaraming kabataang nakasaksi't nakapiling niya sa kanyang walang sawang pakikisalamuha sa masa. Taong 1958, tulad ng kanyang tukayo, ipinanganak din siya sa huling araw ng Nobyembre sa Sta. Cruz, Casiguran, Sorsogon.

Aki nin paraoma kaya harani ang boot sa mga paraoma.



Di pa man Martial Law, naging bahagi na ng Kabataang Makabayan ang isa sa kanyang mga kapatid. Habang nakatanghod sa kanilang mga pulong pag-aaral unti-unti siyang namulat sa mga isyu sa lipunan at ang bahagi na dapat gampanan ng mamamayan para mabago ito. Katorse't nagbibinata siya nang ilegal na inaresto't ikinulong noong 1975 matapos ituro ng isang impormer. Hindi nakaligtas ang kanyang murang katawan sa panonortyur sa loob ng dalawang buwan niyang pagkakapiit. Matapos mapainalo sa korte ang kanyang kaso, ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Likas na lider, naging Sangguniang Kabataan Chairman siya noong 1976 sa kanilang lugar.

Makwela niyang naikukuwento kung paanong paglampaso't pagpapakain ng baboy ang nakatawid sa kanyang pag-aaral hanggang matapos niya ang kursong BS Education sa Annunciation College ng Sorsogon (ngayo'y Saint Lewis College). Naging bahagi siya ng konseho ng mga mag-aaral sa buong panahon niya sa kolehiyo. Biro pa nga niya, wala nang ibang kukulit pa sa mga estudyante ng high school. Madalas daw siyang tuksuhin ng kanyang mga estudyante sa Annunciation High School ng Bacon, Sorsogon dahil mas matangkad pa sa kanya ang ilan sa mga ito. Ngunit sa kabila ng patuloy na pagsulong ng kanyang karera, napaloob siya sa lihim na organisasyon ng mga magsasaka noong 1984. Di naglaon, 1986, sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Taong 1987 nang magpasya siyang buong panahong maglingkod sa Bagong Hukbong Bayan. Pagkatapos ng isang taong pagpultaym sa BHB, 1988, sumumpa siya bilang ganap na kasapi ng Partido.

Saksi ang ilang henerasyon ng mga Sorsoganong naging estudyante ni Ka Karlo sa iba't ibang antas ng edukasyong ibinigay niya kung gaano kahusay niyang ginampanan

ang gawain sa instruksyon. At bilang estudyante rin ng pamantasan ng buhay-uring api, naging malikhain siya kung paano ilapat ang kanyang teoretikal na kakayanan sa pang-araw-araw na pakikibaka.

Sadyang mahilig sa mga bata si Lolo Pay. Maliban sa kanyang limang anak, itinuring niyang anak ang lahat ng bata sa lahat ng lugar na napuntahan niya. Hindi na mabilang ang mga batang nakapagpatuloy ng pag-aaral dahil sa pagpu pursige niya't kanyang kolektibo na makapagpalitaw ng mga rekurso para matulungan ang mga bata. Hindi na bagong tanawin ang paglalakad ni Lolo Pay kasama ng mga tumatawang kabataang nakikipagkulitan sa kaniya.

Tuloy-tuloy ang kanyang ipinakitang katapatan sa paggampan ng anumang gawain at tungkuling iniatang sa kanya. Matapos ang ilang dekada ng matapat na pagsisilbi at walang pag-aalangang paghubog sa sarili sa komunistang balangkas, ihinirang siyang kalihim ng prubinsya ng Sorsogon at di kalauna'y kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon.

Bilang kalihim ng isa sa mga sumusulong na sonang gerilya sa buong rehiyon at bansa, malaki ang naiambag ni Kasamang Carlo at ang kanyang kolektibo sa paglalatag ng lakas at pagbababalanse ng rebolusyonaryong pwersa sa buong rehiyon at bansa. Buong tatag na hinarap ng prubinsya ang pananalasa ng magkakasunod na oplang pinakawalan ng pasistang estado. Sa halip na mapadapa ang prubinsya tulad ng kanilang ibinubudyong, higit pa itong nakapagpalakas at nakapagpalawak.

Kung tutuusin eksperto na si Ka Carlo sa pagpuslit mula sa bitag ng kaaway. Apat na beses na siyang nakulong at sa lahat ng pagkakataong ito ay nakaalpas siya't nakabalik sa piling ng masa't pulang hukbo sa iba't ibang paraan. Biro pa nga niya noong mahuli siya sa pangatlong pagkakataon: Oh no, not me, na naman?! Ipinataw sa kanya ang disiplinaryong aksyong mahigpit na babala dahil sa pagluluwag niya sa usapin ng seguridad.

Sa kabila nito, hindi nakapigil sa kanyang pagiging organisador ang mga panahong siya'y nakapiit. Itinuring siyang tunay na kaibigan at tagapagpayo ng kanyang mga kasama sa kulungan. Ibinukas niya ang kanilang mga mata upang unawain ang isang lipunang nabubulok at hungkag ang sistema ng hustisya. Sa ilalim ng kanyang paggabay, naging aktibo ang mga nakakarsel sa pagbubuklod ng sarili at pagkilala ng maaari pa nilang maiambag sa lipunan. Malaki ang pasasalamat ng kanyang mga "kakosa" dahil naibsan ang gang war sa loob ng kulungan habang nandoon si Ka Karlo.



Isinilang si Miguel "Ka Billy" Himor noong Mayo 28, 1996 sa kaparehong baryo ni Andres Hubilla. Hinubog ang kanyang kamulatan sa kandungan ng lumalawak na pulang kapangyarihan. Bata pa lamang siya'y aktibo na sa grupo ng kabataan. Hindi tulad ng ibang kabataang nangangarap na magkaroon ng marangyang buhay o kaya ng kasikatan, sa murang edad malinaw na ang mga pangarap ni Ka Billy bilang pulang mandirigma. Aktibo niyang ginampanan ang mga gawaing itinakda sa kanya ng Partido bilang part-timer habang naghihintay na dumating sa tamang edad dahil hindi pa siya maaring tanggapin sa BHB.

Matalas ang paggagap ni Ka Billy sa pagsasa-mantalang minsang siya mismo ang nakaranas bilang mala-manggagawa sa Maynila. May ilan taon rin siyang naging tindero sa isang tindahan doon. Ngunit ilang panahon matapos ang ang kanyang ika-18 kaarawan, kagyat siyang umuwi sa Bikol para sumampa sa BHB taong 2014.

Isa si Ka Billy sa mga kabataang hukbo na kinakitaan ng potensyal sa gawaing militar. Tangan ang kanyang kakwelahan, pinagagaan niya ang pagharap sa anumang balakid na sinusuong. Bukod

tangi rin ang disiplinang ipinakita niya sa pagkapit sa prinsipyo ng simpleng pamumuhay at tuluy-tuloy na pagpapanibagong hubog laluna nang maipakat sa gawaing istap ng prubinsya.

GGSS o gwapung-gwapo sa sarili si Ka Billy, pero para sa kanya ito ay biro lang para mapatawa ang mga kasama. Hindi rin nagtagal, may napaniwala naman siya. Wagas kung umibig, ika nga nila. Pero rebolusyonaryong pag-ibig. Tangan ng binuo nilang rebolusyonaryong pamilya ang pag-ibig na hindi makasarili, bagkus hinulma nila ang kanilang pagpapamilya sa balangkas ng pagbabago ng daigdig. Puno ng pag-asa si Ka Billy habang ipinagbubuntis ng kanyang asawa ang kanilang pangalawang anak.

Hindi nakapagtataka kung gayon kung bakit mas pinili ng kaaway na paslangin si Ka Karlo at Ka Billy. Walang rehas na makakapigil sa isang komunista para magmulat, mag-organisa at magpakilos. Kung tutuusi'y mas nakakapinsala sa hanay ng kaaway ang talas ng linyang gumagabay sa rebolusyonaryong tunguhin ng mga kasama.

Kaya't sa kanilang pagpanaw, suklian natin ang kanilang walang pag-iimbot na sakripisyo; ang buo-buong pag-aalay sa sarili sa bayan; ang bukod tanging bakas na iginuhit ng kanilang pakikipagrebolusyon! Hiramin natin kay Ka Karlo ang paborito niyang mga kataga: Huwag mag-alala! No narcotic side-effect! Makakaasa ang mamamayang Bikolano't Pilipino na sa kabila ng paglamlam ng liwanag mula sa kanilang mga mata, ipagpapatuloy ng Sorsogon at buong Bikol ang pagtahak sa rebolusyonaryong landas para sa tagumpay!

Si Ka Karlo at si Ka Billy, mga pulang hukbo ng Casiguran, ay isang patak lamang sa daluyong ng sanlaksang nagngangalit na mamamayan na handang magbuwis ng buhay para sa bayan. Sa kasalukuyang ipinapakitang kabangisan ng Rehimeng US-Duterte, hindi dapat mangimi ang sambayanan. Walang itinatangi ang nag-uulol na estado sibilyan man o pulang hukbo. Dapat singilin ang mga berdugo't bayaran sa pagmasaker sa dalawa pang sibilyan sina Arnel Borres at Dick Laura! Marapat na ipagtanggol ng mamamayan ang karapatang mamuhay sa isang lipunang tunay na malaya at payapa.

*Wara na ki ibang mas kukusog pa sa satong pagkasararo!*
*Pagpupugay sa lahat ng martir ng sambayanan!*
*Tahakin ang landas na kanilang hinawan!*
*Ipadagos ang digmang bayan!*
*Mag-upod sa Bagong Hukbong Bayan.* ▪



## ANO ANG DENGUE FEVER?

Ang Dengue Fever ay isang nakahahawang sakit na naipapasa mula sa isang indibidwal tungo sa iba pa sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na mula sa dalawang species ng genus na Aedes. . Karaniwang kumakalat ang sakit na ito tuwing tag-init sa panahong pinakarami ang bilang ng mga lamok. Gayunpaman, hindi direktang naililipat ang sakit mula sa tao at hindi lahat ng nakakagat ng naturang uri ng lamok ay makakakuha ng sakit na dengue fever.

Sa isang atrasadong bansa tulad ng Pilipinas kung saan pinagkakakitaan at hindi abot-kaya ang serbisyong pangkalusugan at mga batayang medikal na pangangailangan, higit na nagiging delikado ang epekto ng dengue fever.

## SINTOMAS NG DENGUE FEVER?

**Lagnat**

**Pananakit ng ulo**

**Pananakit ng laman at kasukasuhan**

**Pantal-pantal/butlig-butlig sa balat (rashes)**

**Pagdurugo ng ilong**

**Pagdumi ng may dugo**

## PAANO IIWASAN ANG DENGUE?

1. Panatilihing malinis ang kapaligiran.
2. Mainam na magtanim ng mga halamang natural na pantaboy sa lamok tulad ng neem, citronella at tanglad.
3. Tanggalin/linisin ang mga tubig na 'di dumadaloy o kaya ay nakatigil lamang sa kanilang mga lalagyan. (Hal. mga balde, paso o boteng naipunan ng tubig, balon na hindi dumadaloy)
4. Huwag magtatambak ng mga marurumi at mamasa-masang damit o basahan.
5. Kung may tumutulong tubig sa mga tubo at salulod ay agad ayusin. Kung hindi nakakadaloy nang maayos ang tubig sa lababo at banyo, ayusin din ang mga ito.
6. Kung hindi naman maiiwasan ang mga lamok, maiging gumamit ng kulambo.
7. Maging mulat sa pagbabantay sa anumang sintomas na makikita. Kung makikita ang mga ganitong sintomas ay agad ng kumonsulta sa pinakamalapit na ospital.

## ALAM NIYO BA KONG ANO ANG DENGVAXIA?

**Produkto ng multinasyunal na kumpanyang Pranses na Sanofi-Pasteur. Bagamat ayon sa kanila nakumpleto nila ang mga pamantayan bago ibenta ang produkto, malinaw na nais lamang nilang subukan ang epekto ng gamot sa isang mahirap na bansa tulad ng Pilipinas bago ibenta sa mas malawak na pamilihan.**

**Binili ng gubyerno sa halagang P3.5 bilyong piso para sa kampanyang anti-dengue. Hanggang ngayon ay hindi masusog ng inutil na pamahalaan kung saan kinuha ang ponding pambili nito.**

**Naipalaganap na sa 733,000 indibidwal sa kasalukuyan. Ngunit, nitong Marso pa lamang ay may ilang rekomendasyon na upang itigil ang kampanyang ito na noon ay nakaaabot pa lamang sa 400,000 indibidwal.**

**Nagresulta na sa pagkamatay ng ilang kabataang dinapuan ng dengue sa unang pagkakataon matapos turukan ng naturang vaccine.**





PRODUKSYON SA REBOLUSYON

# ANO ANG BUTO?

Ito ay pangunahing pangangailangan sa pagsasaka dahil ito ang pinakakaraniwang paraan ng pagpaparami ng pananim. Mahalaga rin ito para sa pagpapanatili ng lahi ng mga pananim (genetic conservation).

## ANU-ANO ANG MGA KALIDAD NG MAGANDANG BUTO?

a. Maganda ang pisikal na anyo.

b. Katamtamang moisture content.

c. Walang peste o sakit.

d. Mataas ang probabilidad ng kakayahang tumubo (viability).

## PAANO ALAMIN ANG KAKAYAHANG TUMUBO O VIABILITY NG MGA BUTO?

Maraming paraan upang malaman ang viability ng mga buto. Dalawa sa pinakamadaling paraan ang Germination Test at Flotation Test.

a. Sa Germination Test, kinakailangang itanim ang ilang bahagdan ng mga buto at alamin kung ilan ang matagumpay na sisibol. Ang porsyento ng tumubong buto kumpara sa kabuuhang bilang ng butong itinanim ang porsyentahe ng viability ng mga buto.

b. Sa Flotation Test, ilalagay sa isang malinis na lalagyang may tubig ang takdang bilang ng mga buto. Ang mga butong lumubog kumpara sa kabuuhang bilang ng butong ilinagay sa tubig ang porsyentahe ng viability ng mga buto. Ang mga butong lumutang ay walang laman at hindi tutubo.

## ANO ANG PAG-IIMBAK NG BUTO AT BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang pag-iimbak ng buto ay isang paraan upang mapanatili ang magandang kalidad ng mga ito, makaiwas sa peste at manatili itong buhay. Sa bansang tulad ng Pilipinas kung saan nananatiling atrasado ang agrikultura at isinasantabi ang tunay na pagpapaunlad sa syensya ng pagtatanim, napakahalagang maibalik sa mga magsasaka ang inisyatibang magkaroon ng mga butong pananim na hindi kinakailangang bilhin mula sa mga multinasyunal at iba pang dambuhalang agrikultural na kumpanya. Dahil hindi maaasahan ang reaksyunaryong gubyernong magbigay ng karampatang suporta sa mga magsasaka, dapat na magpakahusay ang mamamayan sa mga pagsisikap na linangin ang lupa at matamnan ng iba't ibang klaseng pananim na para sa kapakinabangan ng nakararami.

## ANU-ANO ANG URI NG MGA BUTO AYON SA PARAAN NG PAG-IIMBAK?

a. Orthodox Seeds – Ito ang mga butong dapat iimbak sa tuyong lalagyan at may mababang temperatura. Ilan sa maaaring gamiting pampatuyo sa lalagyan ay ang kusot, abo ng kahoy, uling, bigas at silica gel. Maaaring gamiting lalagyan ang mga bote, lata at polyethylene bags na hindi napapasukan ng tubig o hangin. Halimbawa nito: palay, mais, legumbre tulad ng monggo at sitaw, kalakhan ng mga pananim na gulay.

b. Recalcitrant Seeds – Ito ang mga butong dapat iimbak nang hindi binabawasan ang lebel ng tubig o ang moisture. Sa pag-iimbak nito, dapat siguruhing nalinis na at basa pa. ANg pinakamainam na temperature ay 15 C pababa. Halimbawa: kakaw, mangga, durian, niyog, rambutan at lansones.

c. Intermediate Seeds – Mga butong maaaring patuyuin ngunit madaling masisira/mamamatay sa malamigna temperatura. Halimbawa: kape, papaya at mga pananim na citrus tulad ng kalamansi, suha at dalandan. ■




TERORISTA RAW AKO?
KAMI RIN DAW PO?
AKO, TERORISTA RIN?!
PATI NGA RAW AKO EH...
BULAG BA KAYO? MUKHA BA KAMING TERORISTA?
OO NGA...
HINDI NAMAN...
EH BAKIT 'NYO KAMI
HINAHARAS
TINUTUGIS
TINOTORTYUR
BINOBOMBA
PINAPATAY?